# 1

"The nerve! The nerve!" paulit-ulit na sigaw ni Abigail Ocampo. Ang hawak-hawak na *Philippine Standard* ay unti-unti nang nalukot dahil nakaipit iyon sa mga kamay na inihampas niya sa mesa.

"Calm down, Abby," ani Bettina Dela Paz. May alanganing ngiti sa mukha nito. "This isn't the first time you've received a not-so-great review, di ba?"

Iniikot ni Abby ang mga mata, kahit totoo ang sabi ng kanyang best friend. She had gotten a lot of review articles on her thriving restaurant, ang *La Tregola Ristorante*, ranging from poor to good. Naging popular kasi itong lugar kaya na-feature sa iba't ibang magazines at diaryo.

Pero kahit na may hindi gaanong magandang food review, okay lang iyon sa kanya. She saw it as a sign to improve her forever-changing menu. Iyon kasi ang konsepto ng kanyang restaurant. Palaging nagbabago ang house specials para hindi ma-bore ang patrons niyon. At alam din niyang imposibleng mapaligaya ng isang chef ang bawat dila sa mundo.

Subalit kakaiba ang food review ni Vincent

Estaquio sa Health & Leisure section na ngayon ay hawak niya. It was so vile and vicious that it was seemingly burning a hole right through her hands.

"Not-so-great?" yamot niyang ulit. "Oh, don't mince words, Tina." Itinaas niya ang pahayagan at iwinagayway sa harap nito. "This piece of trash is trashy review. Below the belt talaga."

Napakagat si Bettina sa ibabang labi. "Sinabi ko na, hindi ko dapat ipinakita pa sa 'yo," sising-sising anito. "Akin na nga 'yan," dagdag nito sabay hablot sa pahayagan.

Dahil hindi handa si Abby na bitawan iyon, napunit ang papel sa gitna. The sound of ripping paper tore her heart. Her restaurant was her baby. Ang ipinuhanan niya roon ay pawis, luha at dugo. Kaya ganoon kasakit ang mga isinulat ng walang kuwentang Vincent Estaquio na iyon.

Agad binitawan ni Tina ang papel. Ang mga kamay ay inilagay nito sa bibig. "I'm sorry, Abby," patukoy nito sa nakalungayngay na kalahating papel sa mesa.

Ipinatong ni Abby ang parteng naiwan sa kanya sa ibabaw niyon. "Don't sweat it! Hindi ko na kailangan pang basahin ulit ang artikulong iyan.

Nakataga sa isip ko ang mga nakasulat."

The words were playing on her head like flashing neon sign on a marquee: *Mediocre Three Cheese Gnocchi…Dry Proscuitto De Parma…Run-of-the-mill Mango Panna Cotta!*

At ang pinakamasakit sa lahat: *dull ambience, mediocre service and non-authentic food fare, which should be expected from a trying-hard chef who is not even Italian.*

Siyempre pa, ang over-all rating: three out of ten stars.

Tagos sa buto!

Pakiwari ni Abby, isang personal na atake ang artikulo. Para na rin siyang sinapak sa tiyan ng sinumang bruto na nagsulat niyon. Iba ang objective analization sa mga putaheng kanyang iniluto. Pero ang idamay roon ang kanyang pagkatao ay ibang usapan na.

Wala sa lahi nila ang pagiging chef. Magaling lang talaga siyang magluto, PERIOD.

Four years old pa lang siya, kaya na niyang gumawa ng iba't ibang putahe. Naimpluwensyahan kasi siya ng kanyang ina at lola. Kung ang galing

sa paghahalaman ay green thumb, her mother had always said she has 'cooking thumb'.

In fact, nag-training siya sa Center for Culinary Arts sa Paris on a full scholarship. Pero kung idaragdag ang pagiging Italiano for the sake of authentic dining experience, she was one-fourth of that, too. Ang kanyang ina ay kalahating Italiano na isinilang pa sa Venice.

But since Mr. Estaquio did not bother to verify that, hindi nito alam iyon. Kunsabagay, ni hindi niya naalalang may 'Vincent' na dumaan sa restaurant. She usually knew her customers dahil kinakausap niya sila. The ambience of her place was intimate and casual. At noon pa mang magsimula siya tatlong taon ang nakalilipas, inalagaan na niya ang kanyang rapport sa mga kliyente.

Sa isang banda, naiintindihan rin ni Abby kung bakit hindi ito nagpakilala. He did not want to get special treatment. But since she was so annoyed at him for his baseless food critique, she shoved that idea at the back of her head.

"Huwag mo na lang pansinin," panghihikayat ni Tina na pumukaw sa kanyang atensyon.

Nanlaki ang mga mata ni Abigail. Asking her to

ignore the article was like telling her to ignore fire inside her kitchen.

Nakita ni Tina ang pagdidilim ng kanyang mukha. "Okay, bad idea," pasubali nito. Nang hindi siya nagsalita, nagpatuloy ito, "What are you going to do about it?"

"What I do best, of course," she said matter-of-factly. And just like that, a light bulb lit inside her head.

"Which is?" kunot-noo nitong tanong.

Isang pilyang ngiti ang lumabas sa kanyang mga labi. Kaalinsabay niyon ang paglitaw ng isang maliit na dimple sa kanyang baba. "I'm going to make a delicious cream pie—"

"Nilait ka na, 'tapos papakainin mo pa!" di-makapaniwalang sambit ni Betina.

Iniling-iling ni Abby ang ulo. "Let me finish kasi," aniya habang binubuo ang plano sa kanyang utak. "I'm going to make a yummy cream pie, and then I'm going to shove it to his face!"

"What!" bulalas ni Tina.

Pero hindi na niya narinig iyon dahil sa mga ideyang nagliliparan sa kanyang ulo. Obviously,

para kay Vincent Estaquio, ang tanging paraan na makagawa ng impact dito ay supalpalin ang mukha nito. And since his trashy tastebuds could not appreciate a good dessert, mas mabuting mauwi iyong nakapahid sa buong mukha nito.

At bigla siyang natawa. Never mind that she looked like a fool laughing for no apparent reason. Iniisip pa lang niyang naliligo si Vincent ng Eau De Pie, mabaliw-baliw na siya sa kaligayahan. It definitely gave her a different kind of satisfaction.

"ANO NA NAMAN 'yang ginagawa mo?" magiliw na tanong ng isang boses mula sa kanyang likuran.

Itinigil ni Abigail ang pagbati sa whipped cream at hinarap ang kanyang Ate Shiela. She had completely forgotten that her sister's family would be there for their regular Sunday brunch.

Alam niyang walang malisya sa tanong nito, pero hindi niya mapigil ang maasar. Pakiwari niya, para na rin nitong sinasabi na walang kuwenta ang kanyang pinagkakaabalahan. Mas mabuti pa kung derechahin na lang siya nito.

Napabuntong-hininga si Abby bago sumagot. "I'm making a Cannoli Cream Pie," tugon niya. At

muli niyang kinuha ang wire whisk at pinagpatuloy ang ginagawa. Umasa siyang matunugan nitong wala siyang gana na makipag-usap, para lumabas na ito ng kusina.

Pero imbis na umalis, lumapit pa ito sa tabi niya sa kitchen counter. Isinawsaw nito ang isang daliri sa loob ng malaking mixing bowl at isinubo iyon sa bibig. “Yum,” nakangiti nitong sambit. “Ikaw ha, masisira na naman ang diet ko nito.”

At the mention of the word ‘diet’, parang kumulo ang dugo ni Abby. Pinilit niyang huwag hilamusan ng krema ang kaisa-isang kapatid. “Eh, di huwag kang kumain,” walang ganang sabi niya. “It's not for today, anyway.”

“Ang sungit mo naman, sis,” anito.

Ibinaba muli niya ang wire whisk at tinapunan ng tingin ang kapatid. “Sorry. May PMS yata ako.”

Bigla siyang na-guilty sa kanyang di-totoo at walang kuwentang pagdadahilan. Her sister did not deserve this kind of attitude from her. Wala naman kasi itong ginawa o ginagawang masama laban sa kanya. Siya ang may insecurity issues.

Hindi kasalanan ni Shiela na ito ang binansagang ‘family beauty’. It was the truth. Nang maghagis ang

Diyos ng grasya ng kagandahan, lahat yata ay nasalo ng ate niya. She looked every inch like an exotic foxy Italian babe.

As for Abigail, she was the designated 'family chef'. Beauty na pangkusina lang, dahil hindi niya nakuha ang good Italian genes. Ang tanging namana niya ay ang Italian family recipes.

Most of her teenage life, she was under Shiela's shadow. Kunsabagay, kapag magkatabi sila, natatabunan siya talaga ng anino nito. At 5'10", sikat itong modelo. At nagsimula ito noon pa mang mga teenager pa lamang sila.

Siya naman sa taas na 5'4" ay mukhang alalay nito. But growing up, her parents never made her feel lesser. Kahit si Shiela ay hindi umastang mayabang. Pero iyon pa rin ang naging pakiramdam niya dahil sa mga taklesang pahayag ng ibang tao.

Ilang beses nga ba niyang nakita ang gulat sa mga mata ng mga bagong kakilala tuwing nalalaman ng mga ito na magkapatid sila. As if naman ipagsisinungaling niya ang bagay na iyon. Kita niya ang sarili sa salamin araw-araw kaya alam niyang she looked nothing like the statuesque, raven-haired beauty that was her Ate Sheila. Kaya noon pa man, she had resigned herself to the fact that she was the

ugly duckling who belonged in the kitchen.

But that felt like a lifetime ago. Dahil mayroon na rin siyang mga sariling accomplishments, unti-unting nadagdagan ang kanyang self-confidence. For one, she was mighty proud of her little restaurant.

Kaya ngayon, habang pinalalapot ang krema, hindi niya mawari kung bakit bigla siyang naapektuhan muli ng mga old teenage angst na ito. Ang buong akala niya ay ibinaon na niya iyon sa limot.

Pero maraming nga palang namamatay sa maling akala dahil twenty-seven years old na siya, pero still very much affected.

"Tita Abby," masayang tawag ng isang maliit na boses mula sa divider. At ang nagmamay-ari niyon ay agad nagtatakbo at kumapit sa kanyang binti.

"Janine!" masayang bati niya sa pamangkin. Lahat ng kanyang iritasyon at pagka-moody ay kagyat na napalis dahil sa presensya ng apat na taong gulang na paslit. Her big toothy smile had the power to melt even the toughest of stones.

Abby bent down to give the child a big bear hug. "I made chunky double chocolate chip cookies for you. Nasa cookie jar."

Lumipad ang tingin ng bata sa kanyang ina, na para bang nagpapaalam. Tumango si Shiela kaya binuhat niya si Janine at iniupo ito sa counter. Matapos ay binuksan niya ang ceramic clown cookie jar para rito.

"Ang cute mo talaga, grabe," puri niya habang hinihimas ang ulo nito. Janine looked like a mini-version of her mother. Siguradong lalaki itong maganda. Hindi tulad niya.

Muling dumagsa ang feelings of self-doubt sa kanyang dibdib. Lumipad ang tingin niya kay Shiela, na patuloy pa rin sa patikim-tikim ng matamis na krema. Her sister never gained weight kahit malakas itong kumain. At kahit may anak na ito, hindi ito mukhang losyang. Life just is not fair.

Napabuntong-hininga siya at pinilit na labanan ang mga maiitim na pakiramdam. "You're such an innocent angel, you know. Nakakainggit ka," aniya sa bata, habang patuloy na nilalaro ang buhok nito.

"Aw, that's sweet, sis," sabi ni Shiela na pumukaw sa kanyang pag-iisip. She did not realize that she said her thoughts out loud. Dahil sa kanyang pagkagulat, nagpatuloy ito, "See, sissy, dapat dalian mo na. Naghahanap na si Jan ng pinsan."

Parang kung anong bara ang namuo sa kanyang lalamunan. She did not know if her sister was being diliberately obtuse and dense. Alam naman nitong wala siyang boyfriend. Paano siya magkakaanak?

Dalawa lang naman ang options: immaculate conception o magpabuntis sa pinakaunang lalaking kumalabit sa kanya. Pihadong ikamamatay ng magulang nila ang huli. Muling kumulo ang kanyang dugo.

"Ikaw na lang ang magdagdag, 'Te! Magaling ka r'on," sarkastikong suhestyon niya. "Siguradong kapatid ang gusto ni Jan."

Lumabi ito. "I wish! But you know I can't be pregnant dahil sa two-year contract ko with *Vaseline Lotion*."

Hindi nito nakuha ang patutsada niya. "Oo nga pala," matabang niyang sagot.

"Kaya ikaw na lang ang pag-asa ng Mama. Nanghihingi na rin siya ng dagdag na apo, you know."

Naramdaman ni Abby ang pamumuo ng pawis sa kanyang noo. Pinunasan niya iyon gamit ang likuran ng kamay bago sumagot. "Alam mo namang zero ang love life ko."

"Set up na lang kita sa isa sa mga friends ko?" pagmamagandang-loob nito. "He's a real foodie. Magkakasundo kayo."

Umiling siya. Friends of her sister were way out of her league. Pawang mga guwapo, o maskulado, o mayaman, or a deadly combination of all three, ang umiikot sa mundo nito. "Oh, no thanks. I can manage on my own. And besides, bakit ba pati ikaw, kinukulit ako tungkol sa love-less life ko? I get enough of that from Mama."

Itinaas nito ang mga kamay. "I give up. Ikaw na nga'ng bahala. Ang sabihin mo, masyado ka kasing workaholic, eh."

Nanatili siyang tahimik. What Shiela said got her mind rolling. Hindi siya workaholic. The truth, na ngayon lang niya aaminin sa sarili, she was hiding behind her work.

She had been burned several times in high school and college, and she had no desire to repeat the experience. Iyong ibang boys, nagpapakilala lang pala sa kanya to get close to her Ate Shiela. Ang huli niyang seryosong relasyon sa kolehiyo ay nauwi rin sa masaklap na hiwalayan.

She had just finished her BA in Business

Administration then. At kasunod niyon ang paglipad niya sa Paris para sa two-year training. Her then boyfriend, Timothy, whom she thought was 'the one' broke up with her right at the airport. He used the classic line, 'It's not you, it's me.'

Ang sinabi ni Tim, he just could not do long distance relationships. Kaya dumating siya sa ibang bansa na sugatan ang puso. And to think na minahal talaga niya ang kumag na iyon. He obviously had not loved her deeply enough to give their relationship a fighting chance.

At nalaman-laman niya mula kay Bettina na nagkaroon agad ito ng bagong girlfriend, mere two days after they splitted-up. Apparently, he was already courting the girl bago pa siya makaalis.

Iyan ang kanyang masalimuot na relasyon sa mga lalaki. Kaya nakasisiguro siyang hibang ang nagsabi ng 'The way to a man's heart is through his stomach'. Kung ganoon lang, eh di, dapat nahulog na sa paanan niya ang maraming binata?

Pero iyon na nga, her track record with love was pitiful.

Binalikan niya ang ginagawang Cannoli Cream Pie para kay Vincent Estaquio. Kung sino man itong

herodes na lalaki, he was to blame for all her misery right now. At ipinapangako niya sa sarili na this time, she would fight back.

Tinikman niya ang hinahalong creamy mixture. It tasted so good, as always. At naisip niya, mabuti pa ang pagkain, may pagka-predictable. Food, unlike people, does not disappoint.

Natigilan si Abby sa kanyang pagsesentimyento. God, when did she become so bitter? Mas mapakla pa ang attitude niya kaysa sa kape.

# 2

"What do you mean walang Vincent Estaquio rito?" nakaarko ang kilay na tanong ni Abigail sa receptionist ng *Philippine Standard*. "But I just read his Saturday article."

"Ineng, he isn't a regular writer. Contributor siya kaya wala siyang opisina dito," paliwanag nito.

At that point, gusto nang itapon ni Abby ang box ng pie na dala-dala niya. It was weighing her hand down, not to mention that it was probably melting too. Pero kawawa naman ang babae kung ito ang mapuputukan ng kanyang inis. "Can I have his contact number then?"

Umiling ang matanda. "Sorry, pero hindi po namin p'wedeng ibigay ang ganyang klase ng impormasyon."

Napabuntong-hininga siya. To think sinabak niya ang Monday traffic para maabutan ang hunghang na lalaki sa opisina nito sa Maynila. Parang gusto niyang sabunutan ang sarili sa kanyang kagagahan. "Sayang naman itong cake," himutok ni Abby. "Hindi ko kasi talaga alam kung saan siya hahagilapin."

"Ang alam ko, 'Neng, nasa *PGH* siya ngayon."

"*PGH*?" manghang tanong niya.

"*Philippine General Hospital*."

"Ah, alam ko po ang ibig sabihin noon. Pero ang ipinagtataka ko lang, bakit siya naroon? Ano ba'ng sakit niya?" Lahat ng galit sa dibdib para sa estrangherong si Vincent Estaquio ay agad napalis. She could not think ill toward a sick man, kahit gaano pa ito kasama.

Natawa ang bilugang receptionist. "Hija, walang sakit si Vince."

"Wala?" nakakunot niyang tugon. At first name basis pala ang receptionist sa kumag na writer. "Eh, ano'ng ginagawa niya roon?"

"Hija, isa siyang doktor," payak na sagot nito. "Cardi… cardo… Ah, ewan. Basta, heart surgeon ang tawag roon."

"Cardiologist," she supplied.

"Iyon na nga."

"Sige, salamat ho."

Habang naglalakad si Abby papalayo, kulang na lang ay tuktukin niya ang sariling ulo. Para siyang

na-mental block nang sabihin ng ale na nasa ospital si Vincent. Biglang dumagsa ang awa sa puso niya. But all her pity was misplaced.

Hindi talaga sumagi sa isip niya na kaya ito nasa *PGH* ay dahil isa itong doktor. And he was obviously smart dahil hindi lahat ay qualified maging heart surgeon. “For a smart man, he's just so stupid!” inis na bulong niya.

Para sa kanya, kulang ito sa pag-iisip. He did not think first before he wrote all those nasty things about her place. O baka naman talaga desensitized lang ang tastebuds nito? At muling sumagi sa isip niya ang isang linya na isinulat nito tungkol sa kanyang menu: cardiac delight.

No one has ever used those words to describe her creations before. And that kind of description made it perfectly clear what his line of work was. Kung gayon, hindi siya dapat masyadong maapektuhan, dahil hindi naman ito isang professional food critic.

Pero hindi talaga niya kayang palampasin ang mga sinabi nito. She was compelled to put the bastard into his place. The best thing Dr. Estaquio could possibly do right now would be for him to stick to surgery instead of writing food articles, a subject he evidently did not know anything about.

"I bet he's bald, fat, boring old fart," bulong niya habang naglalakad patungong parking lot.

"ARAY!" bulalas ni Abigail. Here she was minding her own business, pero binangga siya ng isang malaking mama. Papasok siya sa loob ng ospital at palabas naman ito.

Muntik na siyang matumba sa lakas ng kanilang collision. Mabuti na lang, nahawakan nito ang isang kamay niya kaya hindi siya tuluyang bumagsak, pati na rin ang box na bitbit niya sa kabilang kamay.

Nang mahanap niya ang kanyang balanse, agad niyang iwinaglit ang kamay. She did not want to admit it, but the stranger's big hands with long slender fingers were making her feel nervous and excited all at the same time. At hindi niya iyon maintindihan. Kaya mas lalong nahipan ang inis na kanina pa niya nararamdaman.

"Sa uli-uli nga, mag-iingat ka. Look where you're going," pagtataray niya. "Ang laki mo pa namang tao."

Tantya niya, mas malaki nang isang dangkal ang mama sa average Pinoy height. Siguro six-footer ito o marahil lampas pa. Mabuti na lang hindi ito

patpatin dahil kung nagkataon, magmumukha itong walking toothpick.

He had big broad shoulders, na kitang-kita sa suot nitong labcoat. Pero ang pinakatatakaw-pansin ay ang mukha nito. He had a high nose with prominent cheekbones. Maganda sana ang mga mata nito, na pinalilibutan ng makapal na pilikmata. Kaya lang sa ilalim niyon ay maitim at malalaking eyebags.

"I'm sorry, Miss. It's just that—"

Abby cut off what he was about to say with a wave of her hands. "Whatever!" At nagsimula siyang maglakad patungo sa loob ng ospital.

Ang totoo, she was excited to get away because she was both embarrassed and annoyed at herself for noticing all those details about him. Hindi naman niya ito dapat pinag-ukulan ng pansin because she was here on a mission.

The idea that she became aware of all those qualities about the stranger unsettled her. Baka kapag nagtagal siya roon, lumuwa ang mga mata niya katititig sa guwapong lalaki, na pihadong ikalalaki ng ulo nito. And she was pretty sure he was full of himself dahil wala itong pakialam kung sino man ang mabangga.

But then, a part of her knew she was also being unfair, dahil hindi naman niya ito kilala. Nadamay lang ang estranghero sa inis niya, because her day was turning out to be a really shitty one.

Pagdating niya sa reception area, naghintay muna siya nang ilang saglit. Nang mabakante ang receptionist, saka lamang niya ito nausisa. "Miss, saan ko mahahanap ang opisina ni Dr. Vincent Estaquio?"

Ngumiti ang babae. "His office is on the East Wing. Pero hindi mo siya mahahanap doon ngayon 'cause he just left."

"Oh, just my luck!" bulong niya sa sarili. "Anong oras ba ang usual clinic hours ni Dr. Estaquio?" tanong niya sa babae.

"Why don't you just ask him yourself?" tanong ng isang baritonong boses mula sa kanyang tagiliran.

And she almost jumped at the sound the man made dahil ni hindi man lang niya napansin na may lumapit sa kanila. She tilted her head to face him. And while doing so, she had this feeling at the pit of her stomach that something bad was about to happen. At nang tumama ang mga mata niya sa mukha nito, nahulog ang kanyang mga panga.

Standing right next to her was the rude man whom she had bumped into. *Wrong*, aniya sa sarili, *siya ang sumagasa sa 'yo.*

She knew the exact moment he got a good glimpse of her face dahil nawaglit ang ngiti sa mukha nito. Halatang hindi siya nito nakilala kanina mula sa kanyang tagiliran. Kunsabagay, saglit lang sila nagkausap sa main entrance kanina.

"Dr. Estaquio, nagbalik yata kayo," anang receptionist.

Tumikhim muna ang lalaki bago sumagot. For an instant there, she thought he looked uncomfortable. "Ah kasi, Sally, may nakalimutan ako."

Pakiwari ni Abigail, pinaglalaruan siya ng langit at lupa. It was as if she had been on a wild goose chase, only to find out she had been chasing a chicken. Bigla siyang natahimik dahil parang umurong ang dila niya. Ang inaasahan niyang uugod-ugod na matanda ay mukhang matinee idol. She was so unprepared for that.

"Miss, siya po si Dr. Estaquio," anang receptionist na pumukaw sa kanyang pag-iisip. "Siya ang pinakamabait na doktor dito."

Gusto niyang matawa sa sinabi ng babae.

Mabait? Nagbibiro siguro ito. Baka mayabang? Kaya naman pala napakalaki ng ego ng lalaking ito. Puwes, siya ang magpapaalam rito na hindi lahat ng kababaihan ay miyembro ng Dr. Cutie Fan Club.

Hindi niya namamalayan, nanliit ang kanyang mga mata habang sinusuri ang mukha nito. "I should've known," she muttered under her breath.

Nakita niyang nagtiim ang bagang ng doktor sa mga salitang kanyang binitawan. He was smart all right for having detected the annoyance and sarcasm in her voice. "What do you mean by that?" nakakunot nitong tanong.

"Sigurado kang gusto mong malaman?" nakasimangot niyang tanong. As soon as the words popped out of her mouth, she wanted to slap herself. Nakita niya ang nagtatakang hitsura ng receptionist, na nagpaalala sa kanya na sila ay nasa publiko. Just because he owed her, it did not give her the license to shame him in front of people he was working with. It was not like her to make a scandal in public.

"Ah, eh, can I have a word with you in private?" agad na pasubali niya.

She half-expected the man to say no, matapos ng nangyari sa kanila kanina. Kaya nagulat siya nang

sabihin nitong, “Fine! May nakalimutan rin ako sa opisina. Just follow me.”

“WHAT CAN I do for you, Miss?” ani Dr. Estaquio, habang may kinukuha sa loob ng file cabinet. “Mukhang wala ka namang sakit sa puso.” He gestured for her to have a seat, pero umiling siya.

“My name is Abigail Ocampo. I’d rather stand. And as far as I know, wala akong heart condition. Pero tuwing nakikita kita, tumataas ang BP ko,” aniya. She knew he was joking pero hindi niya iyon masakyan. At nagulat din siya sa kanyang reaksyon dahil hindi naman talaga siya pikon. Somehow, this man brought out the b*tch in her.

“Okay,” nagtitimpi nitong sagot. “I don’t know what I’ve done to offend you. Is it because I bumped you this morning?”

“Hardly,” aniya. “Hindi ako ganoon kababaw.” Abigail rummaged through her bag to retrieve the newspaper article he wrote. Bumili pa siya ng bago para lang sa tagpong ito. Hinagis niya iyon sa gitna ng mesa at sinabing, “Really low blow!”

Kinuha nito ang pahayagan at binasa ang laman. “I don’t see what the problem is. I do reviews of

restaurants every now and then. Hindi naman siguro masama iyon para sa health column na katulad ng sa akin."

"Yes, there's nothing bad about doing food reviews. I've had my fair share of that owning the restaurant," aniya. "Pero naman, below the belt na ang pinagsasabi mo. Pati pagkatao ko, idinawit mo pa. I'll have you know that I'm one-fourth Italian."

Nagtaas ng kilay ang doktor at tiningnan siya mula ulo hanggang paa. "Really? You could've fooled me."

At dahil sa sinabi nito, napatid ang kahuli-hulihang hibla ng pisi ng kanyang pasensya. "Alam mo, wala namang kinalaman ang lahi ko sa galing kong magluto. Any idiot with functional tastebuds would know that. Pero may problema pihado ang dila mo."

"Miss, kung hindi mo makayang tumanggap ng kritisismo, huwag ka na lang magluto," payak na sabi nito.

"I can take constructive criticisms. Pero iyang sinulat mo, there's nothing constructive about that at all. Ang dapat na gawin mo, putulin mo ng scalpel iyang dila mo para magawa kong lengua estofado,"

iritang sabi niya.

"For your information Ms. Ocampo, I have no problems with my tongue," galit nitong sagot. "I've traveled extensively and I enjoy all sorts of dishes. Bakit hindi mo na lang kasi aminin na ikaw ang may problema?"

"I'll have you know, I trained in Paris—"

"But they obviously didn't train you enough," mapanuyang putol nito.

"If you can't appreciate good food, Vincent, sa *McDonald's* ka na lang kumain," pang-aasar niya. "And now that I think about it, kamukha mo si Ronald… the mascot. Kaya bagay na bagay ka doon."

"Get out of my office!"

Isang mapang-uyam na ngiti ang ibinigay niya rito. "Oh, you don't have to send me out. I was already on my way." She took several steps towards the door. Pero bago siya tuluyang makalayo, hinarap niya muli ang lalaki. "You know what, I forgot something."

Lumakad siya pabalik ng mesa at binuksan ang box na ipinatong doon. Ipinosisyon niya ang sarili sa tabi ng mesa para madali niyang maabot si Vincent.

"You know what, I made this especially for you. Para 'ika ko malasahan mo muli ang luto ko and you can give me a different verdict. Baka kasi may sipon ka lang n'ung magpunta ka sa restaurant ko," aniya habang inilalabas ang pie sa kahon. "But now, I think you're a hopeless case. You're just plain mayabang and destructive. Kaya ito ang bagay sa 'yo." And with that, she slammed the pie on his face with all her might.

Habang nakapatong ang kamay niya sa mukha nito, she felt a deep sense of pleasure. Pero kaalinsabay niyon ang pagdagsa ng guilt feelings. No one, no matter how nasty, deserved this kind of treatment.

On her way to *PGH*, nagdalawang-isip na siya sa kanyang maitim na balak. Ang sabi niya sa sarili, she should not stoop down to his level. Sa katunayan, napagdesisyunan na niyang ibigay na lamang ang pie bilang magandang PR.

But when she literally bumped into Vincent Estaquio, nagbago ang kanyang isip. He was just oozing with arrogance. Kaya heto, wala siyang ibang choice kundi ituloy ang kanyang orihinal na plano.

Wawaglitin na sana niya ang kamay at magtatatakbo palabas ng pintuan, but she felt a

different kind of force on her wrist.

"Let me go!" sigaw niya kay Vincent, na mahigpit ang pagkakakapit sa kanya.

"What the hell is your problem!" galit na galit nitong sabi. Batid niya sa panginginig ng boses nito, that he was merely controlling his temper. Kung gugustuhin nito, madali siya nitong masasapak. Agad niyang pinagsisihan ang kanyang ginawa. But it was too late for that now.

Pinilit niyang makawala rito pero hindi siya naging matagumpay. "Let me go!"

"No way!" asik ni Vincent, habang pinupunasan ng panyolito ang mukha gamit ang libreng kamay.

"You're hurting me," she said while wriggling to free herself from his grasp.

"Buti nga sa 'yo!"

Natigilan siya sa sinabi nito. At that very moment, Abby was convinced that he was really a bastard. So she decided to stop feeling like a victim and fight fire with fire. "Kapag hindi mo 'ko binitawan, magsisisigaw ako. I'll shout that you're raping me."

"You're blackmailing me?" matawa-tawang anito. "No one would believe you," kumpyansang

dagdag ng binata. "You're not my type."

Mas lalong nagputok ang butse ni Abby. Parang kinumpirma na rin nitong may basehan ang lahat ng kanyang insecurities. Years of anger, bitterness and frustration swelled up in her chest. At iyon ang ginamit niyang motivation para sipain ito sa pagitan ng mga hita sa abot-lakas ng kanyang makakaya.

The moment her leather pump connected with his groin, agad siyang binitawan nito para sapuhin iyon. He did not even have the strength to scream. Namutla ang buong mukha ng lalaki at nagtiim ang mga labi. Nabasa niya ang sakit sa mga mata nito.

She had the sudden urge to comfort him, pero nagdalawang-isip siya. He deserved it, after all. And she did not want to stay around when he finally recovered. Baka hindi na niya makita ang bukas kung magkataon.

"Goodbye and good riddance, a*shole!" sabi ni Abby. Matapos, walang lingon-likod siyang naglakad palabas ng opisina nito. She definitely won this round!

# 3

The insane witch kicked him. She kicked him. She actually had the balls to kick his balls. Kailangan ipaulit-ulit pa niya iyon dahil hindi talaga siya makapaniwala.

Pero ang kumikirot na pagkalalaki at ang krema sa kanyang mukha ang pruweba na nangyari nga ang lahat. Totoong-totoo. And it happened in his very own office at that.

Nang tumama ang sapatos nito sa maselang parte ng kanyang katawan, lumipad na ang lohika sa utak ni Vince. He was too caught up in pain to do anything, particularly retaliate. Pero alam ng Diyos kung gaano niya kagustong hilahin ang kulot nitong buhok at ingudngod ang mukha nito sa lupa.

Napailing si Vince sa mga bayolenteng ideyang sumagi sa kanyang isip. Hindi naman siya talaga ganoon. But this girl rubbed him the wrong way, and with good reason. Ipinatong niya ng ulo sa mesa at ipinikit ang mga mata. He was so damn tired.

He had four back-to-back surgeries that started at five a.m. and ended only at about four this

afternoon. So he was understandbly worn out. At iyon din ang dahilan kung bakit niya nabangga si Abigail kanina sa main entrance.

To his defense, he was not thinking clearly. Talaga namang lumilipad ang utak niya dahil sa kapaguran. All he could think of was lying down on his big queen-sized bed.

Hihingi sana siya ng dispensa, subalit agad siyang binara ng babaeng lukaret. If he only knew the extent of her craziness, disinsana ay hindi na siya bumalik sa loob ng ospital para kunin ang naiwang cellphone.

Nang magdaan siya sa reception area, napatigil siya nang marinig niyang nabanggit ang kanyang pangalan. It had always been in his nature to attend to his patients' needs first and foremost. Pero hindi niya inaasahan ang naghahanap sa kanya ay ang nabunggo niya sa pasilyo.

At first, naisip nga niyang may karapatang mainis si Abigail sa nagawa niya. He just did not expect her to bring up the article he wrote several weeks ago. In fact, nakalimutan na nga niya kung tungkol saan iyon.

Nang pakitaan niya ito ng galit, he was only

reacting to her display of annoyance. Hindi naman kasi siya pumapatol sa away, unless provoked. At kahit sino naman yata ay dedepensahan ang sarili. Iyon at ang kapaguran niya ang siyang dahilan kung bakit maikli ang pasensya niya at pinatulan niya ang babaeng lukring.

Si Abigail Ocampo.

Maganda sana ang pangalan, pero nasira naman dahil sa ugali ng may-ari niyon. She should have been named 'Jackie' or 'Jet'. After the martial arts experts Jackie Chan and Jet Li, sa galing nitong sumipa.

Natawa si Vince sa kanyang naisip. Because of the energy required for him to laugh, muli niyang naramdaman ang kakaibang kirot sa ibaba. Kaya natigilan siya at sa halip, muling nangasim ang expression ng kanyang mukha.

Kaninang sinipa siya ni Abigail, it took all his strength to keep himself from screaming at the very top of his lungs. And he had good reasons for doing that. Una, ayaw niyang maalarma ang mga tao sa tabing clinic. Pangalawa, nagitla siya sa mga pangyayari. At pangatlo, he did not want to give her the satisfaction of seeing him quiver in pain.

Kaya kahit gusto niyang humiyaw sa sakit, pinigilan niya. At ang sakit naman talaga. For someone much smaller than him, Abigail packed a mean kick. And to think he actually thought she looked kind of cute and delicate, with curls framing her heart-shaped face, nang magkabanggaan sila sa pasilyo. Clearly, her looks were deceiving.

Bahagya siyang gumalaw. Sa pagkilos niyang iyon, tumunog ang kung anong papel na napatungan niya. He slowly opened his eyes and hoped it was not a patient's chart. Bahagya niyang iniangat ang sarili, para magkaroon ng puwang at makuha niya iyon.

With his head still resting on the table, he read the piece of paper. Iyon ang artikulong ikinagagalit ni Abigail. Ang totoo, hindi na niya maalala kung ano ang kanyang isinulat.

He had a weekly column. At advance palagi ang kanyang mga artikulo sa kagustuhan ng editor. So he never knew what article would come out until that day he had the paper in his hand.

He mostly dealt with health issues—tips on decreasing cholesterol, how-to's on properly shedding off unwanted pounds, and advice on reader inquiries. And he would also do restaurant

reviews from time to time para mabigyan ang mga tao ng ideya kung ano ang healthy eating options outside their homes.

Muli niyang binasa ang titulo ng artikulo at napangiwi siya. *'A Killer Menu—Literally.'* Well he really could not blame Abigail because he did not mince words at all. No wonder her beautiful dark amber eyes were spitting fire as she looked at him. Ano nga ba ang nakain niya at iyon ang kanyang mga isinulat?

Sinimulan ni Vince ang article sa, *'If you want to have an intimate dinner for two, La Tregola is the place to go for the nice ambience. But please, be forwarned about the supposedly 'killer menu'. Because the carbs in all the dishes can kill you, literally.'*

Kaya naman halos patayin rin siya ng dalaga sa tingin. Sinabi pa niyang mediocre at hindi masarap ang mga putahe. Ang totoo, masarap naman talaga lahat.

Even the pie she brought this afternoon was good. At nalasahan niya iyon habang pinupunasan ang kanyang mukha. It was just too bad it ended up on his face, for he would have enjoyed eating some of it. But then again, he did deserve having it splattered on his face.

In retrospect, alam na niya kung bakit nilait-lait niya ang restaurant. Because he was broken-hearted, about a month and a half ago, the night he wrote the article. It was the very same night he and his long-time girlfriend parted ways.

Nang isinumite niya iyon, kinalimutan na niya ang mga nakalagay. Gaya sa pagbura niya ng pangalan ni Lauren sa kanyang buhay.

Actually, Vincent really was not broken-hearted but more of pissed, annoyed and irritated. It was his pride that hurt more than his heart. As bad as it might sound, hindi siya ganoon ka-attach sa babae. Si Lauren kasi ay isang on-again, off-again girlfriend.

Their five-year relationship had always been rocky. Pareho silang mga doktor na gahol sa oras. Perhaps they were too much alike. They both did not have the time nor energy to nurture their relationship.

Or so he thought. Because apparently, Lauren did have time to nurture a relationship… but with a different man. At nalaman niya iyon sa gabing nagpunta sila sa *La Tregola.*

And even if he knew their relationship was destined for doom, it was still very upsetting.

Ganoon naman yata basta nagtatapos ang bawat yugto ng buhay ng isang tao. Iyon ang nag-iwan ng masamang impresyon sa kanya. His raging anger clouded his judgment when he wrote the review.

At tama namang ikagalit iyon ni Abigail. His writing was a nasty piece of work. Napabuntong-hininga si Vince at inayos ang kanyang pagkakaupo. Despite his annoyance with the deranged woman, he felt terrible.

May katagang 'the power of the pen'. At may kasabihan din, 'with great power, comes great responsibiltiy'. At siya ay hindi naging responsable.

Nasaktan at nasagasaan niya si Abigail nang hindi sinasadya. Puwede siya humingi ng dispensa, pero nakakasiguro siyang hindi siya nito bibigyang-pansin. And he most definitely did not want another kick.

Masyado na silang maraming sinabi laban sa isa't isa para maging sibilisado kapag nagkaharap silang muli. Huli na ang lahat.

Nasaktan nga niya ito. Pero mas masakit naman ang ginawa nito—she hurt him, intentionally.

Ngayon, patas na sila.

"YOU DID WHAT? Tama ba ang narinig ko?" hindi makapaniwalang bulalas ni Bettina. Ang kamay nito ay lumipad sa bibig sa labis na pagkagulat.

"Oh, I know you heard me," nakasimangot na sabi ni Abby. "Hindi ka naman bingi. At wala na akong planong sabihin ulit iyon. It pains me to think of that."

"Ang lupit-lupit mo, 'day," anito, sabay inom ng iced tea. "Kapag nabaog 'yon, kasalanan mo."

Kasalukuyan silang nasa restaurant. Dahil nasa business trip ang asawa ni Tina, sinasamahan siya nitong magbalanse ng kanyang accounting book. It was Monday night and almost ten, kaya walang masyadong customer.

Inirapan niya ang kaibigan. "Alam ko naman 'yon, 'no! Kaya nga guilty'ng-guilty ako." Isang malalim na buntong-hininga ang pumakawala sa bibig niya. "Hindi naman siguro siya mababaog, 'no?"

"Uy, she cares," biro nito.

"Stop it! Seryoso ako."

"Hindi iyon mababaog nang basta ganoon na lang. Pero alam mo, lukring ka talaga. Sisipain

mo, 'tapos magi-guilty ka," saad nitong iiling-iling. "Paano ka makakahanap ng boyfriend niyan, kung ganoon ang gagawin mo sa mga lalaki, aber?"

"Pati ba naman ikaw!" iritang asik ni Abby. "Ano ka, nanay ko? Bakit ba palagi n'yo akong kinukulit na maghanap ng boyfriend? I'm only twenty-seven. Bata pa 'yon para mag-alala ako sa biological clock ko."

Nagkibit ito ng balikat at sumubo ng carbonara. Siya naman, itinuon ang pansin sa mga numero sa logbook. Pero hindi siya makapag-concentrate dahil sa bawat zero, nakikita niya ang bilugang mga mata ni Vincent na puno ng sakit. Add to that his pale face contorted in pain, na siya ang may gawa.

Kung puwede lang niyang sisihin ang kanyang paa. Kasi naman, it was as if her foot took over and had a life of its own. Hindi niya alam kung bakit hindi niya napigilan ang sarili. Normally, she was level-headed. Pero marinig pa lang niya ang boses nito, kumukulo na ang dugo niya. At halos mapatid ang litid niya sa leeg nang sabihin nitong, *"You're not my type!"*

Napakasakit!

Not that she wanted to be his type. *No way!*

Pero kailangan bang direktang sabihin na hindi siya maganda? Ano pa ba ang iisipin niya? Vincent is attractive, no point denying that. Kaya pupusta siyang his type was an equally attractive woman. Which made her… unattractive. Pangit nga.

"Ano'ng hitsura ni Doc Writer?" biglang sabi ni Bettina, na para bang nabasa ang topic sa ulo niya.

"Um, p-pangit," alanganing sagot ni Abby.

"Sinungaling ka!" bulalas nito. "Kilalang-kilalala kita. Alam mo bang nagkulay-kamatis ang mukha mo. You have never been a good liar." At napuno ng matinis nitong tawa ang restaurant.

"Maghunos-dili ka nga," suheto niya. "Nakakahiya sa mga waiter. Baka sabihing baliw ang kaibigan ko."

Ikinampay nito ang kamay. "Hayaan mo sila," pagbabale-wala nito at inilapit ang katawan sa kanya para mas lalong masuri ang kanyang mukha. "Ano'ng hitsura ni Doc?"

"Matangkad."

"Ano pa?"

Tinapik niya ng ballpen ang ilong ni Tina. "Tsismosa ka."

"Hindi kita tatantanan," anito. "Mukhang apektado ka."

"No way!" deny ni Abigail. "I'm not affected. That incident happened a week ago. Hindi ko lang sinabi sa 'yo over the phone 'cause I wanted to tell you in person. Ni hindi nga siya sumagi sa isip ko, 'no," pagsisinungaling niya.

And nothing could be further from the truth dahil si Vincent ang laman ng isip niya the past few nights. Hindi nga siya mapagkatulog.

Muli itong natawa. "Hindi ka nga affected, kaya mapula ang mukha mo. Para kang strawberry."

"Guilty lang ako. Guilty!" ulit ni Abby.

"Whatever," turan nito. "So, magso-sorry ka?"

"No!" mariin niyang pahayag kahit na ang isinisigaw ng konsyensya niya na iyon ang nararapat niyang gawin.

"Padalhan mo na lang ng cake. Pero 'wag mong ihagis sa mukha niya. Ipa-deliver mo sa catering truck," suhestyon ni Bettina, na parang hindi narinig ang sagot niya. Nang hindi siya umimik, nagpatuloy ito. "You should meet up with him. Kasi naman, 'yung ginawa mo sa kanya, 'yun ang tunay na below

the belt."

Napalunok siya. Tama nga si Bettina. Mas masahol ang iginanti niya kay Vincent. Ganoon pa man, hindi na niya ito kayang harapin. Wala siyang mukhang maihaharap dito. "I don't think that's a good idea. Pihadong mag-aaway lang kami ulit."

"Just send a cake."

"No!" pagdidiin niya. "Sayang lang ang ingredients pati pagod ko. I bet he's health conscious. Baka itapon lang 'yon ni Doc. Baka rin isipin pa n'un na may gayuma o lason ang gawa ko."

Tumangu-tango ito at sinabi, "Gayuma? Now that's a good idea."

Tinapik ni Abby ang braso ng kausap. "Nababaliw ka na. Miss mo lang ang asawa mo."

"True ka diyan, sis," kapagkuwan ay sabi nito, "Hindi kaya sugurin ka noon dito? He knows where you work."

"I doubt it," wala sa loob na aniya. "Hindi sana. Pero ipapa-ban ko na rin siya sa guard, just to be sure."

"Mag-sorry ka na lang kasi para tapos ang usapan."

"Hindi naman siya nag-sorry sa sinulat niya. Mauna muna siya," parang batang maktol ni Abby.

"Bahala ka na nga!"

"I doubt we'll ever see each other again, anyway," pagtatapos niya.

# 4

"Are you bringing Laurie to the wedding, Vince?" tanong ng kanyang ina. Kasalukayan nitong inilalapag sa kitchen counter ang mga bitbit nitong Tupperware containers na may lamang samu't-saring ulam. Kahit matagal na niyang sinabing huwag itong mag-abala, patuloy pa rin ito sa pagtrato sa kanya na para bang isang baby.

"Ma, you know wala na kami ni Lauren," matabang na tugon ni Vincent mula sa sofa. Ibinaba niya ang kanyang libro sa mesita para ituon dito ang buo niyang atensyon.

His love life had been a sore topic between him and his mother. Matagal na itong nanghihingi ng apo. Kulang na lang ipagtulakan siya nito noon kay Lauren, kahit alam nitong may mga problema sa pagitan nila. She was just so hell-bent on seeing him married with kids.

At hindi niya ito masisisi. Siya lang ang lalaking anak nito. And he was the only child with her first husband, who died when he was five. Pinalad namang mahanap ng ina niya si Daddy Pete noong siya ay siyam na taon na. They got married and had

two girls, shortly after.

At ngayon, ipagdiriwang nila ang kanilang silver anniversary, a testament to happy years of marriage. Maranasan rin kaya niya ang ganoon? At the age of thirty-four, hindi na rin siya bumabata. Nangangamba rin siyang hindi makahanap ng katuwang sa buhay.

Subalit sa ka-busy-han ng kanyang schedule, wala siya halos makilalang bagong babae. And all the girls he knew from college and med school were married or at least engaged to be married.

Or perhaps, he was just telling himself these excuses. Ang totoo, pagod na pagod na siya sa dating scene. His tumultuous relationship with Lauren definitely wore him out. To console himself, iniisip na lang niya na parang vino ang mga lalaki—they get better as they age.

"I was hoping nagkabalikan kayo ulit. It's been almost five months, son. Siguro naman may nakilala ka nang bagong prospect," sabi nito na humuli sa kanyang naglalakbay na atensyon.

"Ma," simula ni Vince na may bahid na resignasyon. Pero hindi na siya nakapagpatuloy.

"If you don't have someone, I'll set you up with

one of my amiga's children," masaya nitong sabi. "Or maybe Wilma and Nancy can introduce you to some of their friends."

Biglang napuno ng asido ang kanyang tiyan. The last time he went out with one of his mother's 'candidates' minsang mag-cool off sila ni Lauren, umuwi siyang may migraine dahil wala itong ibang gustong pag-usapan kundi astrology.

Pero ang i-date ang mga kaibigan ng half-sisters niya? Hindi niya mapigilang matawa. "Mama, my sisters are twenty-four and twenty-two. See the age gap? Baka pagkamalan akong cradle-snatcher niyan."

"You're just being picky!" nakangusong anito.

"No," he said with a trace of amusement. "I am just so busy."

"So let me do all the work," matagumpay nitong sabi. "Sinabi ni Mareng Patty, uuwi daw ang isang pamangkin niya mula Amerika."

Sumagi sa isip niya mukha ng matronang si Ginang Patricia Dela Cuesta, na co-member ng kanyang ina sa Rotary Club. Takaw-pansin ang mala-cabinet nitong kaha, pati ang buhok nitong naka-coiff na para bang kay Imelda Marcos.

Palagi itong namumukadkad dahil sa katakutakot na alahas. If his memory served him right, the old widow had one ring on each finger. At sa dami ng bracelets nito, kulang na lang ay kumiling itong parang bell sa bawat nitong hakbang.

Napangiwi si Vince. Any blood relative of Patty Dela Cuesta was a no go. Kahit hindi pa niya nakikita ang babae, sigurado na siyang hindi niya ito magugustuhan. Unless… she had a fiery personality like Abigail.

Hindi na siya nagulat sa pagsagi ng misteryosang estranghera sa kanyang isip. She had been on his head the past couple of weeks. He had never met anyone like her. Hindi pa rin niya makalimutan ang ginawa nitong pagsipa sa kanya. And he probably would not forget that for the rest of his life.

He had had his fair share of women. But none of them had a mouth like hers—luscious pink lips that spew out fire. He suddenly wondered what it would be like to shut her up with a kiss.

"Ma, I've met someone," biglang dumulas sa bibig ni Vince. At sa ginawa niyang iyon, parang hinukay na rin niya ang sariling libingan. Pihadong hindi siya tantantanan ng nanay niya hanggang makuha nito ang bawat detalye ng kanyang new

phantom girlfriend.

"Really?" gulat nitong sabi. "Dapat kanina mo pa sinabi." Agad nitong tinawid ang maliit na distansya sa pagitan ng sala at kusina. Sumalampak ito sa tabi niya at sinabi, "Tell me everything about her."

Gusto niyang matawa. Kilalang-kilala nga niya ang kanyang ina. At dahil doon, alam ni Vince na he had no other choice but to invent a fake love interest. Kung hindi, pihadong mas kukulitin siya nito at mas magiging agresibo sa pagma-matchmaking. He did not need that added hassle one bit.

So he found himself describing Abigail Ocampo, the small but terrible girl who kicked his nuts. Which was probably the reason he was turning nuts. As in baliw. Nababaliw na nga siguro siya talaga, dahil kung anu-anong kuwento ang inihahabi niya tungkol sa kanyang pekeng girlfriend at imaginary love life.

Sa isip ni Vince, hindi naman makikita ng nanay niya si Abigail, at kung magpumilit ito, madaling sabihin that they already broke-up.

Plain and simple.

"Then you should bring her to the wedding then," anang ginang.

Muntik na siyang mabilaukan. "Mayroon na siyang prior engagement na hindi puwedeng lusutan," pagsisinungaling niya. "I think she's catering a wedding or debut party."

"Okay. We'll have her for dinner at the house some other time," di-nagpapatalong tugon nito.

"No problem!" ani Vince. At hindi nga iyon magiging problema. Because when that time comes, he would just have to pretend that he was broken-hearted again.

NAGING MATAGUMPAY ang silver anniversary ng mga magulang ni Vincent. Their renewal of wedding vows at *Santuario de San Antonio* was very sweet and touching. At ngayon habang pinapanood niya ang wine ceremony sa reception sa *Makati Polo Club*, naramdaman niya ang pangingilid ng luha sa likuran ng kanyang mga mata. He felt so loved and lucky.

Noong bata siya, he only dreamed of having a complete family. And God was kind enough to answer his prayer by sending them Pedro Sebastian De Guzman. The next thing he prayed for was that Daddy Pete would last around, unlike his real father.

At muli na naman siyang pinagbigyan ng Diyos.

Ngayon, habang tinitingnan ang masayang ngiti sa mukha ng kanyang mga magulang, he could only hope that God would be kind enough again to let him experience the same kind of love.

Bago niya ipahiya ang sarili sa harap ng pamilya at mga kaibigan, lumabas siya ng ballroom at naglakad patungong main lobby. Umupo siya sa isang sofa at isinandal ang kanyang likod.

Kagabi, hinarap niya ang isang masalimuot na operasyon ng mamang pumutok ang kaliwang aortic valve. He did the best that he could, but he was not able to save him. At ito na nga ang kumpirmasyon na tanging Diyos lang ang siyang may hawak sa buhay at kapalaran ng tao.

He relaxed on the sofa for a few minutes and then, reluctantly got up, dahil baka hinahanap na siya sa loob. As he was making his way to the ballroom, natigilan siya. Coming toward him was none other than Abigail Ocampo.

"What are you doing here?" gulat niyang tanong sa babae. "Did you come here to throw pie on my face again?"

"Ang yabang mo rin naman, ano?" sagot nito.

"Not everything is about you, you know. It just so happens na ako po ang nag-cater nito. I've just collected my check. Unlike you, some people like what I cook."

"Ikaw?" di-makapaniwalang aniya. "Pero hindi kita nakita kanina sa loob nang magsimula ang buffet."

"I really am the chef," giit nito. "At hindi ko naman kailangang umaligid palagi tuwing may function. Kaya nga may tinatawag na assistants, servers and waiters."

"Wow!" manghang pahayag ni Vince dahil sa kaliitan nga naman talaga ng mundo. It was a good thing his mother was tucked safely inside the ballroom.

Nalukot ang mukha nito. She obviously misinterpreted his 'wow'. "Is it really that surprising?" taas-kilay na sabi ng babae. "For your information, I'm a truly certified chef who even trained abroad."

"I find it easier to believe that you're a professional clown," biro niya. "You put pie on my face!" At sa sinabi niyang iyon, namula si Abigail. "You know what, my mom never mentioned your name at all," dagdag niya.

"I never dealt with your mom. Si Wilma De Guzman ang kausap ko."

"Kaya pala," tumatangu-tangong ani Vincent. "She's my sister."

Duda ang dalaga sa isiniwalat niya. "Oh, yeah. Bakit magkaiba kayo ng apelyido?"

"Kapatid ko siya sa ina. My dad died when I was five."

Mas lalong namula ang mukha ni Abigail. "I'm sorry."

Isang malungkot na ngiti ang lumabas sa bibig niya. "Don't be. That happened a long time ago."

For the next few seconds, wala silang nagawa kundi tahimik na titigan ang isa't isa. It was as if they were wrapped up in their own little world, busy measuring up each other's worth with their eyes.

Dama kaya ni Abigail ang kakaibang elektrisidad na iyon? tanong ni Vincent sa isipan. He did not have the guts at all to voice it out loud. Pihadong tatawanan siya nito.

"Vince, Darling, nariyan ka lang pala," basag ng pamilyar na boses sa katahimikan.

Dahan-dahan niyang hinarap iyon. Nang lumapat ang mga mata niya sa nagsalita, parang nagyelo ang kanyang dugo.

"Mama," piyok niya. And he was actually surprised that his voice even worked. He never imagined this scene would happen, and so soon at that. "Ano'ng ginagawa mo rito?"

"I was on my way to the ladies' room. Magpa-family pictorial muli tayo in a bit," sabi ni Ginang Mariel De Guzman, habang pasimpleng sinusuri ang dalaga. Curiosity was written in her eyes. Kapagkuwan ay hindi na nito napigil ang sarili. "Who is she?"

"Ah, eh… uhm," utal-utal na simula ni Vince. Sana bumuka ang lupa para lamunin siya ng buhay.

"Don't tell me, nakalimutan mo na ang pangalan ko?" amused na sabi ng dalaga sa kanyang pagkabalisa. "Abigail Ocampo po, Ma'am." Iniabot nito ang kamay.

Pero hindi iyon inabot ng kanyang ina. Sa halip, ipinaloob nito ang dalaga sa isang bear hug. "Oh, hija, I'm so glad you made it."

Vincent could do nothing but stare in horror at what was happening before him. Para siya nanonood

ng isang masamang pelikula na naka-slow motion. He could see the confusion on Abby's face.

Tinapik niya ang ina. "Ma, you're smothering her."

"Where has my son been—"

Pinutol niya agad ang ina. "Ma, siya ang nag-cater ng wedding."

Ipinalakpak nito ang mga kamay. "Wow! Everything was so good, hija," puri nito sa dalaga. "And great choice, son," baling nito sa kanya na gusto niyang ikamatay.

But by the look on Abigail's face, hindi nito naintindihan iyon. Wala itong ibang sinabi kundi, "Thanks for the appreciation, Ma'am." Kapagkuwa'y idinagdag nito, "Maganda po pala ang tastebuds n'yo pagdating sa pagkain."

Napangiwi si Vince. Siguradong pinatatamaan siya nito.

"Too bad hindi mo namana," she muttered under her breath, for his ears only.

Muntik na siyang mabilaukan sa kaprangkahan nito. Mabuti na lamang, hindi iyon narinig ng kanyang ina dahil ang sagot nito ay, "Ano 'ika mo,

hija? Di ko masyadong narinig."

Isang napakatamis na ngiti ang lumabas sa mukha ni Abigail. Lumabas ang mapuputi nitong ipin at isang maliit na dimple sa baba. It was the first time he had seen her smile like that. And Vince liked it. Parang kiniliti niyon ang kanyang puso. Kung sana lang, sa kanya nakatuon ang giliw nito…

"Ah, eh… ang s'abi ko po, salamat sa appreciation," ulit nito.

"C'mon, join us inside for the family pictures," anyaya ni Mariel sa dalaga. "I won't take no for an answer."

"Ma, Abigail has to go. Kinuha lang niya ang check," aniya na pinandilatan ang ina. "Mayroon pa siyang ibang catering commitments." Tinapunan niya ng tingin ang dalaga. "'Di ba, paalis ka na?"

"Ah, opo," agad nitong sagot. Sinulyapan nito ang wristwatch. "May ibang clients akong naghihintay. Nice to meet you, Ma'am!" Kumaway ito at lakad-takbong lumabas ng lobby.

"Where are your manners, Vincent Luisito Estaquio?" kastigo ng ina sa kanya. "Why did you drive her off like that? Hindi ko siya nakikilatis nang husto."

Ipinatong niya ang kamay sa balikat nito at iginiya ito patungong ladies' room. "Calm down, Mama. You'll see her again some other time. Talagang nagmamadali siya and I know she's too polite to refuse your request. Kaya ako na'ng gumawa ng paraan."

"Fine, fine. I know I can be pushy," matawa-tawang sabi nito habang naglalakad sila. Bago ito pumasok sa loob ng restroom, she said, "Abigail seems like a sweet girl. At magaling pang magluto. That's rare these days. Basta siguraduhin mo lang that you treat her well."

"Yeah, I know," aniya. Sumagi sa isip niya ang artikulong naisulat at muli siyang tinurok ng konsyensya. Nope, he had not treat her well at all.

PAGKAPASOK na pagkapasok ni Abby sa auto, pinukpok niya ang manibela. "Damn that man!" sigaw niya. Doon lang niya napagtanto na nangangatog ang kanyang mga kamay. She was that angry because of that short encounter with Vincent. Bakit nga ba siya nagpapaapekto sa kumag?

At parang nang-aasar naman talaga ang langit para ipagtagpo sila sa kasal ng ina nito. Kung alam

lang niyang kapatid nito si Wilma De Guzman, she would have said no to the catering job.

But then again, hindi niya talaga naisip na magkapatid ang dalawa dahil magkaiba sila ng apelyido at hindi rin magkamukha. Not to mention that Wilma was very nice and sweet to her… unlike him, who was a bastard.

Iniling niya ang ulo. She forced herself to focus on driving. Pinihit niya ang susi at nabuhay ang makina ng sasakyan. Dahan-dahan niyang pinaibis ang kotse palabas ng parking lot. And soon, she was out on the main street.

Ang totoo, wala naman siyang lakad at pabalik lamang siya sa restaurant. She just lied to get out of that place quickly. She knew when she was not wanted. Halata naman kasing atat na atat si Vincent na palayasin siya. Kulang na lang ay ipagtulakan siya nito palabas ng lobby. Pakiwari tuloy niya, isa siyang mabahong ketongin na ikinahihiyang iharap sa nanay nito.

"Sayang!" sambit ni Abby.

Sobrang sayang nga, for his mom was such a sweet woman. Naisip muli niya ang sinabi nito, *"Great choice, son!"*

Akala siguro nito si Vincent ang namili sa kanya bilang caterer. Kung alam lang ng matanda ang mga nangyari sa pagitan nila ng binata, pihadong babawiin nito ang mga sinabi.

Or maybe not, dahil mukhang napakabait talaga nito. Hindi pa rin niya maiwaksi sa isip ang mainit nitong pagtanggap sa kanya. Kung umasta ito, parang matagal na silang magkakilala. She wondered if Mrs. De Guzman hugged every new person she met.

Palaisipan din sa kanya kung bakit siya niyaya nitong sumama sa family pictures, eh, hindi naman siya miyembro ng pamilya. O baka gusto nito ng souvenir kasama niya dahil nasarapan ito sa kanyang mga inihain sa kanilang kasal. That was certainly the most plausible reason.

She marveled how it was possible for such a nice lady to have a super bugnutin and super mayabang offspring like Vincent. Imagine, he had the gall to call her a 'professional clown'?

Mas lalong kumulo ang dugo ni Abby dahil sa bansag na mukha siyang payaso.

Mabuti sana kung nagbibiro ang magaling na doktor. Subalit nakakasiguro siyang isa iyong patama.

For nothing in their past meetings would indicate he thought otherwise. Tama bang ipagduldulan na hindi siya maganda?

"No wonder he's screwed up, wala kasing father figure," galit na bulalas niya. At sa kanyang sinabi, bigla siyang na-guilty. Now that was foul and mean!

Kaya kaalinsabay niyon ang bigla rin ang pagdagsa ng awa sa kanyang puso. In a perfect world, no young child should ever feel that kind of pain.

When she was about the same age, pumanaw ang kanyang lolo. Labis na siyang nasaktan doon. She could only imagine the unbearable hurt on Vince's little heart for losing a father. She had this sudden yearning to kiss away the tears of his painful childhood.

Napatapak ang dalaga sa break sa kakaibang udyok ng kanyang damdamin. Why would she think that when she was feeling nothing but hate for the arrogant man? Siguradong awa lang iyon. Bato lang ang hindi matitinag sa ganoong impormasyon.

Kinabig niya ang kambyo sa primera at tinapakan ang sendiliryo para umusad ang auto. Mabuti na lang at walang sasakyan sa kanyang likuran, kundi

sumalpok na iyon sa kanya.

She ought to be more careful driving. Pero bilang depensa sa sarili, binuwisit kasi siya ng pinakaasungot na lalaking nakilala niya. Talagang tuwing nakakatagpo niya si Dr. Estaquio, nagiging tuliro ang kanyang matinong pag-iisip. Ganoon kasama ang epekto nito sa kanya.